Lungsod ng Long Beach
Serbisyo sa Pangangalaga ng Hayop

PAGLILISENSYA NG ALAGANG HAYOP

Mayroong $1.59 na bayad sa transaksyon na sinisingil ng kompanya ng credit kard na nagpoproseso. Ang American Express ay hindi tinatanggap.

Mga Bayad sa Lisensya ng Alagang Hayop

Ang mga bayad sa lisensya ay nagbabago depende sa lungsod o lugar, pakitingnan ang mga Iskedyul ng Bayad sa Lisensya sa ibaba para sa mga angkop na bayad sa lisensya.

Talaan ng Bayad sa Lisensya:

	Long Beach	Cerritos	Seal Beach	Signal Hill	Los Alamitos
Altered na Aso	$28.00	$10.00	$20.00	$20.00	$28.00
Altered na Aso- Mga Senior na Residente	$14.00	$5.00	$10.00	$10.00	$14.00
Hindi altered na Aso (Pinakabagong Renewal ng Lisensya lamang para sa mga Aso ng LB)	$105.00	$20.00	$88.00	$95.00	$105.00
Hindi altered na Aso- Mga Senior na Residente	n/a	$10.00	$44.00	n/a	n/a
Pamalit na Tag	$10.00	$10.00	$10.00	$10.00	$10.00
Multa sa Expired na Lisensya	$30.00	n/a	n/a	$30.00	$30.00
Altered na Pusa	$10.00	n/a	n/a	n/a	n/a
Altered na Pusa- Mga Senior na Residente	$5.00	n/a	n/a	n/a	n/a

Citation sa Multa sa Pagiging Huli at Paglabag

Lungsod ng Long Beach
Serbisyo sa Pangangalaga ng Hayop

Paano Bumili

Isang permanenteng tag ng lisensya ang ibibigay kapag ang isang lisensya ay unang nabili (Ang mga pusa ay maaaring lagyan ng microchip bilang kapalit ng isang permanenteng tag ng lisensya para sa pusa). Kung kailangan mo ang isang pamalit na tag, may bayad na $10.00 at kailangan mong magpakita nang personal upang gawin ang paghiling.

Maaari kang bumili ng isang lisensya ng alagang hayop nang personal sa Kawanihan ng mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Hayop na nasa 7700 E. Spring Street, Long Beach, CA 90815. Hihilingin sa iyong magbigay ng impormasyon sa oras ng pagbili. Ang lisensya ay ibibigay sa iyo sa oras ng pagbili.

Maaari ka ring bumili ng isang lisensya ng alagang hayop sa pamamagitan ng koreo. Magpadala ng mga kopya (ang paperwork na ito ay hindi ibabalik sa iyo kaya huwag ipadala ang mga orihinal) ng mga impormasyon sa itaas kasama ng aplikasyon sa lisensya ng alagang hayop sa Kawanihan ng mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Hayop sa 7700 E. Spring Street, Long Beach, CA 90815, kasama ng isang tseke o money order para sa karampatang halaga. Ang lisensya ay ipoproseso at ang isang tag ng lisensya ay ipapadala sa iyong tahanan.

Upang Bimili ng Isang Lisensya ng Alagang Hayop, Kakailanganin Mong Magbigay ng mga Sumusunod:

- Kasaysayan ng mga dating lisensya
- Iyong pangalan, adres at numero ng telepono
- Isang kasalukuyang katibayan ng pagbabakuna laban sa rabies, na balido sa buong panahon ng paglilisensya. Kung natanggap ng iyong alagang hayop ang kanilang bakuna laban sa rabies mula sa beterinaryo sa labas ng estado, i-click ang listahan ng aprobadong bakuna laban sa rabies ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California. Kung ang bakuna ng iyong mga alagang hayop ay hindi nakalista, kailangan mong pabakunahan muli ang iyong alagang hayop.
- Isang katibayan ng pagiging baog kung ang iyong alagang hayop ay na-spay o na-neuter (altered). Babawasan nito ang iyong bayad sa lisensya sa aso. Ang katibayan ay dapat mapakita sa oras ng pagbili upang makatanggap ng nabawasang halaga.
- Impormasyon sa microchip (kung naaangkop)
- Bayad sa lisensya ng alagang hayop

Form ng Pagkalibre sa Pagbabakuna Laban sa Rabies ng Pusa

Lungsod ng Long Beach
Serbisyo sa Pangangalaga ng Hayop

Mga Form ng Pagkalibre sa Pagbabakuna Laban sa Rabies ng Aso
Aplikasyon sa Lisensya ng Alagang Hayop (Napi-print)
Impormasyon sa Microchipping
Mga Madalas na Itanong Tungkol sa Paglilisensya ng Pusa

FAQ sa Paglilisensya ng Alagang Hayop

- **Bakit Kailangan Lisensyahan ang mga Pusa at Aso?**

Hinihiling ng California o batas ng munisipal na ang lahat ng pusa at aso na higit sa edad na apat na buwan na malisensyahan bilang control measure sa rabies. Ang pagsigurong ang iyong alagang hayop ay mayroong pinakabagong lisensyang nakakabit sa kanyang kolyar ay ang iyong pinakamabuting kasiguruhang ang iyong alagang hayop ay maibabalik sa iyo kung siya ay mawala o lumabas ng iyong bakuran. Ang lisensya ng alagang hayop ay nagbibigay rin sa amin ng impormasyon kung ang iyong alagang hayop ay kasalukuyang may bakuna laban sa rabies. Ang perang natatanggap mula sa mga bayad sa lisensya ng alagang hayop ay tumutulong sa kagawarang patuloy na magbigay ng kalidad na pangangalaga sa hayop at mga serbisyo sa pagkontrol 24 oras sa isang araw, sa bawat araw ng taon.

- **Ang Aking Alagang Hayop ay Hindi Kailanman Umaalis ng Aking Ari-arian; Bakit Kailangan Kong Bumili ng Isang Lisensya?**

Hinihiling ng California o batas ng munisipal na ang lahat ng pusa at asong apat na buwan ang edad o higit pa na ikabit sa kanilang kolyar ang isang pinakabagong lisensya. Kahit ang mga alagang hayop na “hindi kailanman umaalis ng bahay” o ari-arian ay may paraang umalis sa pamamagitan ng mga aksidenteng nakabukas na gate o sa pamamagitan ng paghuhukay sa ilalim ng mga bakod. Bukod dito, ang isang natural na sakunang tulad ng isang lindol o sunog ay maaaring magdulot sa iyong alagang hayop na umalis sa kaligtasan ng iyong ari-arian. Ang pagkakaroon ng isang lisensya ng alagang hayop at/o microchip sa kanilang kolyar ay makatutulong na ibalik ang nawawala mong alagang hayop sa iyo.

Lungsod ng Long Beach
Serbisyo sa Pangangalaga ng Hayop

- **Kailan ko Dapat Lisensyahan ang Aking Pusa o Aso at Paano ko ito Gagawin?**

Lahat ng pusa (Long Beach lamang) at asong apat (4) na buwang gulang o higit pa ay kinakailangang magkaroon ng isang pinakabagong lisensya sa pamamagitan ng mga lokal na kodigo ng munisipal:

- Long Beach LBMC 6.08.010
- Cerritos CMC 8.04.035(a)
- Signal Hill SHMC 6.08.010
- Los Alamitos LAMC 6.08.010
- Seal Beach SBMC 7.05.035

- **Bakit ang mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Hayop ay Humihiling ng Paglilisensya, Pagsasagawa ng Canvassing ng Lisensya, at Pag-iisyu ng mga Citation?**

Ang Pambansang Asosasyon ng mga Beterinaryo ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay ineendorso ang mga sumusunod na metodo o pamamaraang pinapabuti ang pagkontrol sa rabies na kasama ang sumusunod:

- **Pagkakakilanlan.** Ang mga aso at pusa ay dapat makilala (hal. Mga metal o plastik na tag o microchip) upang matiyak ang estado ng bakuna laban sa rabies.
- **Paglilisensya.** Ang pagpaparehistro o paglilisensya sa lahat ng aso at pusa ay isang mahalagang bahagi ng isang epektibong programa sa pagkontrol sa rabies. Madalas naniningil ng bayad sa ganoong paglilisensya, at ang mga kitang nakokolekta ay ginagamit upang mapanatili ang mga aktibidad sa pagkontrol ng rabies o hayop. Ang katunayan ng pinakabagong bakuna ay dapat maging isang mahalagang kinakailangan bago ang paglilisensya.
- **Canvassing.** Ang pagbabahay-bahay na canvassing ng mga opisyal sa pakontrol ng hayop ay nangangasiwa ng pagpapatupad ng pagbabakuna at mga kinakailangan sa paglilisensya.
- **Mga Citation.** Ang mga citation ay legal na pagpapatawag na iniisyu sa mga may-ari para sa mga paglabag, kasama ang hindi pagpapabakuna o paglilisensya ng kanilang mga hayop. Ang awtoridad para sa mga opisyal upang mag-isyu ng mga citation ay dapat isang mahalagang bahagi ng bawat programa sa pagkontrol ng hayop.
- **Pagkontrol ng Hayop.** Lahat ng mga lokal na nasasakupan ay dapat isinasama ang pagkontrol sa ligaw na hayop, mga batas sa leash, pag-

iwas sa kagat ng hayop, at pagsasanay ng tauhan sa kanilang mga programa.

- **Edukasyon ng Publiko.** Lahat ng lokal na nasasakupan ay dapat isinasama ang edukasyong tinatalakay ang responsableng pag-aari ng alagang hayop, pag-iwas sa kagat, at mga naaangkop na beterinaryong pangangalaga sa kanilang mga programa.

Ang pagbabahay-bahay na canvassing ay isang regular na aktibidad sa Lungsod ng Long Beach simula noong 1960s. Ang Pederal na Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao Centers for Disease Control (CDC) ay nirerekomenda ang paglilisensya sa aso at pusa, at pagbabahay-bahay na canvassing bilang isang mahalagang pamamaraan upang pabutihin ang pagkontrol sa rabies (Lingguhang Ulat sa Pagkakasakit at Pagkamatay, Abril 18, 2008). Ang proseso ng canvassing ng lisensya ay nagreresulta sa direktang kontak sa mga may-ari ng alagang hayop at nagbibigay ng oportunidad sa edukasyon tungkol sa mga isyu sa pangangalaga ng alagang hayop. Nagbibigay din ito sa mga residente ng oportuinidad na magsumbong ng mga paglabag na may kaugnayan sa hayop tulad ng kapabayaan, kalupitan, pagtahol, pagdumi, off-leash at maraming bilang ng mga hayop sa isang ari-arian.

Para sa karagdagang impormasyon sa paglilisensya, tumawag sa 562-570-7387.